# Ricin

## Ano ang ricin?

Ang ricin ay isang napakamapanganib na lason. Ang ricin ay galing sa halamang *castor.*



## Ano ang anyo ng ricin?

Kung gagawin ng mga teroristang lason ang ricin, ito ay maaaring maging:

- Isang mist (hamog) o pulbos na maaari mong malanghap, o
- Isang pulbos na maaaring ilagay sa pagkain o tubig.

Kung ang ricin ay ginawang mist, o inilagay sa pagkain o tubig, ito ay hindi mo makikita o maaamoy.

## Ako ba ay maaaring mamatay kapag nalantad sa ricin?

Oo, ikaw ay maaaring mamatay sa loob ng ilang oras. Ngunit kung ikaw ay buhay pa pagkaraan ng 3-5 araw, malamang na ikaw ay gagaling.

## Ano ang mga sintomas ng pagkalason sa ricin?

Kung ikaw ay **nakalanghap** ng ricin, ang mga unang sintomas ay:

- kahirapang huminga o paninikip sa dibdib
- lagnat
- ubo
- alibadbad

At saka, ikaw ay maaaring magkaroon ng matinding pagpapawis, tubig sa baga, mga seryosong problema sa paghinga, at ang iyong balat ay maaaring maging asul. Sa kahulihan, ikaw ay titigil sa paghinga, at mamamatay.

Kung ikaw ay **nakalunok** ng ricin, ang mga unang sintomas ay:

- pagsusuka
- pagtatae (kung minsan ay may kasamang dugo)
- mga halusinasyon
- mga atake (ang iyong katawan ay manginig)
- dugo sa ihi

Sa loob ng maraming araw, ang iyong atay, apdo at mga bato ay titigil sa pagtatrabaho, at ikaw ay mamamatay.


Kung ang ricin ay **nadikit** sa iyong balat o mga mata, ang mga ito ay magiging pula at ikaw ay makakaramdam ng kirot.

## Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay ko'y nalantad ako sa ricin?

**Tumawag sa 911.**

Pagkatapos, kung ikaw ay *nakalanghap* ng o *nadikit* sa ricin, gawin ang mga bagay na ito nang mabilis:

- ○ **Lumayo.** Kung ikaw ay nasa labas, iwanan ang lugar na iyon. Kung ikaw ay nasa loob, pumunta sa labas.
- ○ **Hubarin ang panlabas na kasuotan.** Huwag hubarin ang anumang kasuotan mula sa ulo – **sa halip ay gupitin ang mga ito**. Sikaping huwag madikit sa iyong panlabas na kasuotan. Ito ay maaaring may ricin.
- ○ **Hugasan ang sarili.** Gumamit ng maraming sabon at tubig. Kung ang iyong mga mata ay nag-iinit o ang iyong paningin ay nanlalabo, hugasan ang mga ito ng tubig nang 10 hanggang 15 minuto.



- ○ **Kung nagsusuot ka ng salamin sa mata, hugasan ang mga ito ng sabon at tubig.** Maaari mo silang isuot matapos hugasan ang mga ito. Kung ikaw ay gumagamit ng contact lens, tanggalin ang mga ito at huwag na muling ibalik.
- ○ **Itapon sa labas ang iyong mga kasuotan.** Matapos maghugas, gumamit ng mga gomang guwantes, o gamiting guwantes ang mga plastik bag at ipasok ang mga kamay dito bago ilagay ang isinuot na mga kasuotan sa isang plastik bag. Gayundin, ilagay ang anumang nadikit sa iyong kasuotan sa loob ng bag. Kung may suot kang contact lens, ilagay din ang mga ito sa bag.
- ○ **Isarang mabuti ang bag.** At saka isarang mabuti ang bag na o iyon sa loob ng isa pang bag na plastik. (Sabihin sa mga sumagot sa emerhensiya kung saan mo iniwan ang bag.)

Kung ikaw ay *nakalunok* ng ricin.



- **Tumawag sa 911.**
- Huwag kumain o uminom ng kahit ano.
- **Huwag subukang pasukahin ang iyong sarili.**

## Para sa karagdagang impormasyon...

Tumawag sa CDC para sa tulong sa Ingles:
800-CDC-INFO (800-232-4636)
888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.cdc.gov/ricin
www.dhs.ca.gov/epo